Isoniazid (INH)
Tagalog

Gabay ng pasyente sa pag-inom ng gamot sa TB

Ano ang INH?

Ang Isoniazid (INH) ay isang antibiotiko na panlunas sa tuberculosis (TB). Ginagamit ito sa dalawang paraan:

1. Panggamot sa impeksyon ng TB
2. Panlunas sa sakit na TB kung kasabay ng iba pang gamot sa TB.

Ang mga mikrobyo ng TB ay mabagsik at mahirap puksain. Kakailanganin ninyong inumin ang gamot na ito nang 6 hanggang 12 buwan upang puksain lahat ang mikrobyong TB. Ang inyong doktor ang magpapasiya kung ilang buwan ninyong iinumin ang gamot.

Paano kong iinumin ang gamot na ito?

- Mahalagang inumin ninyo ang gamot araw-araw o ayon sa payo ng inyong doktor.
- **Sabihin agad sa inyong doktor kung natigil kayo sa pag-inom nito.**
- Kung minsan at nakaligtaan ninyong uminom sa takdang oras, ipagpatuloy ulit ang pag-inom, subalit huwag dodoblehin sa takdang pag-inom.
- Alalahaning sabihin sa inyong doktor ang iba pang gamot na inyong iniinom o kung may bago kayong gamot na iinumin.
- Subukang inumin ang gamot nang walang laman ang tiyan. Kung makasira ito ng inyong tiyan, isabay sa pagkain.
- Itabi ang INH sa isang malamig at tuyong lugar.

HUWAG IINOM ng anumang inuming may alkohol habang umiinom ng gamot na ito. Maaaring makasira ito sa inyong atay.

Bakit maaari ko ring kailanganin ang Vitamin B_6 (Pyridoxine) kasabay nito?
Makakatulong ang Vitamin B_6 sa pagpigil ng pamamanhid at pangingilig sa inyong mga daliri ng kamay at paa na maidudulot ng INH. Kung nakukuha ninyo ang bitaminang ito sa pamamagitan ng malusog na pagkain, maaaring hindi na ninyo ito kailanganin.

Anong masamang bisa (side effect) ang dapat kong subaybayan?

- Ang karamihan ay walang suliranin habang umiinom ng INH
- Habang kayo'y umiinom ng INH, kailangan kayong subaybayang mabuti ng inyong doktor
- Ang pang-karaniwang mga masamang bisa nito ay:
  - Kawalan ng ganang kumain
  - Pagkasira ng tiyan
  - Singaw sa balat, na karaniwa'y mapula at makati.
- **Kung magkaroon kayong mas maselan na mga "*side effect*", ihinto ang pag-inom ng gamot at tawagan kaagad ang inyong doktor**
  - Pagkahilo/pagsusuka
  - Pamumulikat sa tiyan / sakit ng tiyan
  - Pagkahapo / sobrang pagkapagod
  - Matingkad na pagkadilaw ng ihi
  - Masakit o nangingilig na pakiramdam sa mga daliri ng kamay at paa
  - Paninilaw ng balat o puti ng mga mata
  - Lagnat ng tatlong araw o mahigit pa.

Mga payo sa pag-inom ng gamot para sa TB

- Inumin ang inyong gamot sa tamang oras araw-araw, halimbawa:
  - Bago matulog sa gabi
  - Pagkagising sa umaga
- Gumamit ng lalagyan ng pildoras na may bilang para sa isang linggo
- Takdaan ang bawat araw nang pag-inom ninyo ng gamot sa kalendaryo
- Kausapin ang isang kamag-anak o kaibigan na paalalahanan kayo
- Subukan din ang Panggagamot na Malapitang Pagsubaybay (*Directly Observed Therapy-DOT*)

Kung mayroon kayong mga tanong at pag-aalala tungkol sa inyong mga gamot o tungkol sa TB, mangyaring tawagan ang inyong doktor o ang Toronto Public Health sa **416-338-7600**

E-mail: **targettb@toronto.ca**
Web Site: **www.toronto.ca/health/tb_prevention**

TORONTO Public Health